



Pagtanggap ng “Specified Skilled Worker No.2” na mga empleado para sa pagpalawak ng mga industriya

Upang matugunan ang humihinang populasyon ng mga manggagawa sa Japan, noong 2019 ay isinagawa ang sistemang tinatawag na "specified skilled worker" na nagtatakda ng katayuan ng paninirahan at mga kwalipikasyon sa trabaho ng mga dayuhan. Sa panahong ito ang mga partikular na kasanayan ay nahahati sa "Specified Skill Worker No. 1" at "Specified Skill Worker No. 2".



Mayroong 14 na naaangkop na mga industriya para sa "Specified Skill Worker No. 1" (talahanayan ay nasa ibaba), ngunit dahil sa mga paghihigpit sa visa o panahon ng pananatili, hindi pinapayagan ang mga miyembro ng pamilya na samahan sila. Ang "Specified Skill Worker No. 2" ay mayroon lamang dalawang naaangkop na industriya, at sa kasalukuyan ay walang nag-a-apply na dayuhan.

Sa pagpupulong ng pamahalaan noong Nobyembre 18, 2021, kasama ang tungkol sa rebisyon ng Immigration Control Law, ay ipinahayag din ang intensyon ng pagdagdag ng "Specific Skill worker No. 2" sa 11 mga industriya, at bigyan ng walang paghihigpit sa panahon ng pananatili at maaaring samahan ng mga miyembro ng pamilya. Kung kaya't ang "Specified Skill Worker No. 2", na kasalukuyang limitado sa 2 na industriya ng construction at shipbuilding / marine industry, ay palalawakin sa 13 na mga industriya: agriculture, accommodation, food and beverage manufacturing, restaurant industry" at iba pa.



Ang pag-amyenda na ito ay magbibigay-daan sa maraming dayuhang na magnanais magtrabaho sa Japan, sa pagbibigay sa kanila ng maluwag na karapatan ng pananatili at kasama ang pamilya, ngunit sinabi rin ng gobyerno na ito ay hindi nangangahulugan ng pagpapalawak ng permanenteng paninirahan.

Walang alinlangan na isasaalang-alang ang mga pag-amyenda sa batas at umaasa ang marami na ang batas na ito ay mas makakabuti para sa mga dayuhang manggagawa

“Specified Skilled Worker No. 2” para sa pagpalawak ng mga industriya

14 industriya para sa Specified Skilled Worker No. 1 →	Mga binibigay ng konsiderasyon
① Pangmatagalang pangangalaga (Nursing care) →	Ang pangmatagalang trabaho ay posible sa ibang sistema
② Paglilinis ng gusali →	
③ Industriya ng raw materials →	Para sa Specified Skilled Worker No. 2 (Walang restriksyon sa panahon ng pananatili at makakasama ang pamilya)
④ Industrial machinery manufacturing industry →	
⑤ Mga industriyang nauugnay sa elektrikal at elektronikong impormasyon →	
⑥ Konstruksyon	
⑦ Shipbuilding and marine industry	
⑧ Car maintenance →	Para sa Specified Skilled Worker No. 2 (Walang restriksyon sa panahon ng pananatili at makakasama ang pamilya)
⑨ Airline →	
⑩ Accommodation business →	
⑪ Agriculture →	
⑫ Fishing →	
⑬ Food and beverage →	
⑭ Restaurant business →	



Isa akong international student. Mayroon akong part-time na trabaho sa isang convenience store. Wala akong insurance. Ano ang nararapat kong gawin?

Ang pag-enroll sa National Health Insurance ay isang mahalagang bahagi ng iyong pag-aaral sa ibang bansa, at ito ay isang karapatan at obligasyon na ibinibigay sa mga dayuhan. Isa itong pangkalahatang tuntunin, at kailangang kang sumali sa National Health Insurance mula sa araw ng pagdating mo sa Japan, at kung mahuli ka sa mag-apply, sisingilin ka para sa mga nakaraang premium. Kung hindi mo mababayaran nang sabay-sabay, makipag-ugnayan sa Health Insurance Division ng City Hall para makapagbayad ka nang installment. Kung magkasakit ka o masugatan, babayaran mo ang 30% ng kabuuang gastusin sa pagpapagamot at 70% ay sasakupin ng insurance.

Nag-apply ako para sa visa naming mag-ina. Subalit ang aking anak ay biglang naoperahan at hindi ako makakapunta sa itinalagang petsa para makuha ang visa. Ano ang dapat kong gawin ngayon?

Ang mga kamag-anak lamang ang maaaring pumunta upang makatanggap ng visa ng pamilya ngunit walang obligasyon para sa mga menor de edad na sumama. Ang kanyang ina ay may kwalipikasyon para maging isang legal na kinatawan at maaari siyang tumanggap ng visa para sa kanilang mag-ina. Ngunit kung ang ina ay hindi makapunta sa imigrasyon sa itinakdang araw dahil sa pagpapaospital, maaaring tawagan ang Immigration Bureau para ipakiusap na i-extend ang petsa para sa pagtanggap ng visa. Gayundin, maaring hilingin sa isang administrative scrivener ng Saitama Pref. Administrative Scrivener Association na kumilos bilang ahente para sa imigrasyon.

**Panawagan mula sa Fujimino City
Recycle ng uniporme at jerseys**

Nagbibigay ng libreng uniporme at jerseys para sa junior high schools sa Fujimino City sa sinumang nangangailangan.

Magtanong sa : Fujimino City Fukushi Sogo Soudan Center

-Yorisoji 049-262-8130 (sa loob ng main building ng city hall)

-Nijiiri 049-265-6300 (Kamifukuoka Station West Exit Fujimino City Care Prevention Center 2nd Floor)

Maari ding magsadya sa Oi Junior High School at Oi Higashi Junior High School para sa uniporme at jerseys.

Paghiling ng donasyon

Mayroong higit sa 590 konsultasyon tungkol sa pamumuhay sa FICEC nitong taon. Ang mga klase sa Hapon ay bukas 2 beses sa isang linggo at sila ay puno rin ng mga mag-aaral. Nagbibigay kami ng pagkain at pang-araw-araw na gamit sa mga nangangailangan.

Sa Int'l Children's Club na ginaganap tuwing Sabado, ang staff ay nagsusumikap araw-araw kung may konsultasyon.

Ang lahat ng mga gawaing ito ay walang bayad, kung kaya't may kakulangan ng pondo para sa mga aktibidad. Hinihiling namin ang inyong donasyon.

Donation transfer account:

Post office transfer account : 00110-0-369511

Mga school bags at school supplies

May mga school bags at school supplies sa FICEC galing sa mga donasyon ng mga tao.

Kung kailangan ninyo, magsadya lamang sa FICEC.

**Contest para sa gawang drawing
Halina at sumali na!**



■ Sino ang maaring sumali

- ① Sinumang naninirahan o nag-aaral sa mga bayan ng Fujimino-shi, Fujimi-shi, at Miyoshi-machi
- ② Sinumang miyembro o sumali sa mga aktibidad ng FICEC
- ③ Hanggang 18 taong gulang na mga batang may magulang na dayuhan.

■ **Gold Award, Silver Award, Honorable Award, at award para sa lahat nang lumahok**

(Pa-premyo/ Tablet, Bluetooth earphones, at iba pa.)

Eksibisyon ng mga drawing

■ **Eksibisyon ng Aktibidad ng Mamamayan Enero 31 ~ Pebrero 4**

Lugar: Fujimino City Hall, 1F Gallery

■ **Eksibisyon ng Aktibidad ng Mamamayan Pebrero 6** ※ Lugar: Fujimino City "Fukutopia"

■ Mga materyales: drawing paper, paints, poster colors at iba pa ay ihahanda ng FICEC.

■ Tumawag sa FICEC: 049-256-4290